


**Proyekto sa Rehabilitasyon ng I-280 Farallones Street Pedestrian Overcrossing.**

## SA ISANG SULYAP

### MGA LIMITASYON NG PROYEKTO

Interstate 280 at ang Farallones Pedestrian Overcrossing sa Cayuga Park

### MAHAHALAGANG PETSA

Tag-init 2026-Tag-init 2028 (tinataya)

### TEAM NG PROYEKTO

*Tagapamahala ng Proyekto*
Al Lee

*Inhinyerong Residente*
Charles Koos




### CONTACT NG PROYEKTO

*Caltrans Public Information Officer*
Lori Shepherd
Lori.shepherd@dot.ca.gov


## BUOD NG PROYEKTO

Sa tag-init ng 2026, sisimulan ng Caltrans ang proseso ng pagtatayo ng I-280 Farallones Street pedestrian overcrossing (POC) para palitan ang kasalukuyang Whipple Avenue POC na gigibain. Matatagpuan sa komunidad ng Cayuga Park, magiging ADA-compliant ang bagong POC at magtatampok ito ng mas maluwang na disenyo, na lalawak mula 8 hanggang 10 talampakan. Mapabubuti ng proyektong ito ang aksesibilidad at konektibidad para sa eco-friendly na transportasyon habang tinitiyak na babagay ang estruktura sa estetika ng komunidad. Kasama sa proyekto sa rehabilitasyon ang mga pag-upgrade sa kahabaan ng I-280. Maaapektuhan ng mga pag-upgrade sa I-280 at muling pagtatayo ng overcrossing ang mga pedestrian at motorista sa buong panahon ng konstruksiyon.

## DESKRIPSIYON NG PAGSASAAYOS

Ang 60 taong gulang na Farallones Avenue POC ay kinakailangang itayo matapos ang konstruksiyon ng Interstate-280 noong unang bahagi ng dekada 1960. Nakatulong ito sa mga residente sa rehiyon ng Cayuga Park na mas madaling makakonekta sa sentro ng San Francisco. Sa paglipas ng panahon, naging mahirap gamitin ang estruktura dahil sa 14 porsiyentong grade nito, lalo na para sa mga taong may kahirapan sa paggalaw. Pinabubuti ng bagong POC ang karanasan ng mga naglalakad sa pamamagitan ng malaking pagbawas sa grade ng daanan, pagpapataas ng aksesibilidad, at pagbabawas ng pisikal na pagsisikap na kailangan upang matawid o magamit ang POC.

Kabilang sa pag-upgrade ng I-280 ang paglalagay ng bagong aspalto sa silangan ng interseksiyon ng US-101, muling pagpapasemento ng mga on-ramp at off-ramp, paglalagay ng polyester concrete overlay sa mga ibabaw ng tulay, pag-upgrade ng mga kongkretong median barrier, rehabilitasyon ng mga sistema ng drainage, pagsasaayos ng mga curb ramp para makatugon sa mga pamantayan ng ADA, at pag-install ng bagong Changeable Message Sign (CMS) sa Mariposa off-ramp sa Chase Center.

*Kasalukuyang Pedestrian Overcrossing sa Farallones Street*




**Caltrans Bay Area**
**111 Grand Ave.**
**Oakland, CA 94612**


**Project Website**
www.sfhighwayprojects.com

**QuickMap**
http://quickmap.dot.ca.gov

**511.org**
http: //511.org

**X**
x.com/caltransD4

**Facebook**
Facebook.com/CaltransD4

**YouTube**
Youtube.com/user/CaltransD4

Para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pandama, makukuha ang dokumentong ito sa mga alternatibong format. Tumawag sa (510) 286-4444 (voice) o 711 (TTY) o sumulat sa: Caltrans D4 111 Grand Ave. Oakland, CA 94612

## MGA PAKINABANG PARA SA MGA PEDESTRIAN AT MOTORISTA

Isang pangunahing benepisyo ng proyektong ito Ang kaligtasan ng mga pedestrian. Kapag natapos, makikinabang ang mga pedestrian, mga naka-wheelchair, at mga siklista sa muling itinayong POC sa pamamagitan ng paggamit ng mas makinis at mas malawak na overcrossing para maabot ang magkabilang panig ng I-280. Ang mga pagpapahusay, gaya ng mas magandang visibility sa kalsada at mas maliwanag na ilaw, ay magbibigay ng higit na kaligtasan sa mga pedestrian na gumagamit ng POC. Bukod dito, makadaraan nang ligtas sa overcrossing ang mga Northbound driver ng mga trak at iba pang malalaking sasakyan. Mapapabuti ng mga pag-upgrade sa I-280 ang haba ng buhay ng kalsada, kaligtasan, at pangkalahatang kondisyon sa pagmamaneho sa buong saklaw ng proyekto.

## MGA PAGSASARA NG FREEWAY, PAGBABAWAS NG LANE AT MGA EPEKTO

Kapag nagsimula ang konstruksiyon, magkakaroon ng mga indibidwal na pagsasara ng lane pati na rin ang 55-oras na ganap na pagsasara ng freeway sa ilang bahagi ng I-280. Magbibigay ang Caltrans ng karagdagang impormasyon habang nakaiskedyul ang mga pagsasara ng lane at ganap na pagsasara. Bukod dito, matapos ang demolisyon, isasara ang POC sa lahat ng pedestrian habang isinasagawa ang konstruksiyon hanggang sa ito ay muling maitayo at mabuksang muli. Magbibigay ang Caltrans ng shuttle service sa pagitan ng Cayuga Park sa panahon ng pagsasara ng POC. Ibibigay ang impormasyon sa iskedyul ng shuttle kapag naisapinal na ang mga petsa ng pagsasara at konstruksiyon ng POC.

*Tanawin sa Timog-kanluran ng Farallones POC mula sa I-280*



*Tanawin sa Hilagang-silangan ng Farallones POC mula sa Cayuga Park*



**Caltrans Bay Area**
**111 Grand Ave.**
**Oakland, CA 94612**

**Project Website**
www.sfhighwayprojects.com

**QuickMap**
http://quickmap.dot.ca.gov

**511.org**
http: //511.org

**X**
x.com/caltransD4

**Facebook**
Facebook.com/CaltransD4

**YouTube**
Youtube.com/user/CaltransD4

Para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pandama, makukuha ang dokumentong ito sa mga alternatibong format. Tumawag sa (510) 286-4444 (voice) o 711 (TTY) o sumulat sa: Caltrans D4 111 Grand Ave. Oakland, CA 94612